

“Sayang”

Pagpapahalaga sa ano mang bagay o kagamitan ay isang kaugalian ng mga Hapon

Magtipid sa Kuryente

Pagkatapos ng malaking lindol at tsunami noong nakaraang Marso 11, kailangan ang kooperasyon ng bawat isa sa pagtitipid sa paggamit ng kuryente lalo na ngayong tag-init. Para maiwasan ang malawakang blackout makiisa tayo sa mahusay na paggamit ng kuryente.. Sa isyung ito ay tatalakayin kung papaano makakatipid sa kuryente sa ating tahanan.


Isipin natin na makakatulong tayo sa “ pagtitipid sa kuryente” .

Isa sa maitutulong natin sa mga lubhang napinsalang lugar ay ang pagtitipid ng paggamit ng kuryente at pakikiisa sa layuning ito.

★Anong kagamitan sa bahay at paano ang epektibong pagtitipid?

Maraming kagamitan ang makikita sa loob ng bahay. Pag-aralan at tingnan paano makakatipid sa kuryente sa bawat de-kuryenteng kagamitan!

De-kuryente ng gamit	Paano makakatipid?
Air-conditioner	1. Panatiliing 28 centegrado ang temperatura sa loob. Matitipid 10% 2. Maglagay ng kawayan (reed blind) pangharang sa init ng araw para manatiling mababa ang temperatura sa loob. Matitipid 10% 3. Panatiliin ang temperature sa 28 centegrado ng walang madalas na patay o sindi 4. Gamitin natin ang bentilador kaysa air conditioner. Matitipid 50% 5. Linisin ang air filter ng air conditioner at outdoor equipment kada dalawang linggo.
Refrigerator	1.Gawin kainaman ang lebel ng lamig, iwasan ang madalas na pagbukas at sara. Huwag maglagay ng kung anu-anong pagkain sa loob. Matitipid 2% 2.Maglagay ng kurtinang vinyl sa loob para maiwasan ang labas ng malamig na hangin.
Ilaw	Patayin ang ilaw sa araw ganundin pagsapit ng gabi. Matitipid 5%
Telebisyon	Linisin ang screen ng TV ng malambot na tela/twalya at panatiliin ang energy saving mode. Hinaan ang volume ng telebisyon at alisin sa saksakan kung kinakailangan Matitipid 2%
Washlet Toilet	Kung maaari, patayin ang use timer. Makakatipid kung hindi gagamitin. Matitipid 19%
Rice cooker	Maagang magluto at itabi sa malamig na lugar o sa refrigerator. Matitipid 2%
Electric pot	Gamitin ang gas range kaysa de-kuryente.
Washing Machine	Iayos ang eskedyul ng paglalaba.
Personal Computer	Alisin sa saksakan kung hindi ginagamit at muling isaksak kapag gagamitin.using.
Vacuum cleaner	Hangga't maari linisin palagi ang nasa loob na paper bag.



Pinagmulang inpormasyon : Natural Resources and Energy Agency “ Pagtipid sa gamit ng kuryente sa bahay” http://www.meti.go.jp/earthquake/electricity_supply/0513_electricity_supply_02_08.pdf

★Importante★ Ilang kagamitan gaya ng kompyuter at mga audio equipment ay gumagamit ng kuryente matapos patayin. Tanggalin sa saksakan kapag hindi ginagamit.

★Iba pang paraan ng pagtitipid★

1.Iwasan ang paggamit ng de-kuryenteng kagamitan mula

www.ficec.jp/foreign/

Bagong address ng FICEC ay maaring malakad 20 min mula Fujimino Stn. Detalye ay nasa huling pahina.

9:00 to 20:00 lunes-biernes. (washlet toilet, electric pot, vacuum cleaner, drying machine atbp.)

2. Makakatipid kapag lalabas o magbibyahe • • makakatipid sa gamit ng kuryente kung lalabas, gaya ng pamamasyal sa mga parke o pagpunta sa mga super-markets.

3. Pagtitipid sa tubig • • Makakatulong ang pagtitipid sa paggamit ng tubig.

4. Magsuot ng presko at manipis na damit • • Kung walang uniporme sa opisina, magsuot ng presko at manipis na mga damit. Makakatulong sa pagtitipid.

5. Panatiliing mainit ang pagkain sa Styrofoam box • • Madalas kailangang initing muli ang mga nilutong pagkain, mainam na itabi sa Styrofoam box sa maikling panahon. Iwasan lang ang mabilis na pagkasira lalo sa tag-init.

6. LED Fluorescent lamp • • Mga 2,000yen kada buwan ang matitipid sa paggamit ng LED fluorescent lamp. Sa mahabang oras ng paggamit, higit ang matitipid.

Sinulat ni Ms. Hiromi Katsumata, senior of Japan College of Social Work

“Dilaw na resibo” campaign ng Aeon. Malaking tulong sa FICEC!



Ang “dilaw na resibo campaign” ng Aeon ay ginaganap sa lahat ng Aeon super-market tuwing ika-11 kada buwan.

① Ang mamimili ay binibigyan ng dilaw na resibo matapos makapamilya.

② May ballot boxes na nagpapakita ng pangalan at gawain ng mga volunteer groups. Ihulog ang mga resibo sa napiling kahon ng volunteer group.

③ Kada grupo ay makakakuha ng 1% halaga na gift certificate ng buong halaga ng mga resibo.

FICEC ay nakakakuha ng gift certificate na nagkakahalaga ng mahigit 25,000 yen kada taon nitong nakaraang 4 na taon.

Noong 2010 ang FICEC ay nakakuha ng telephone set at digital camera. Sa 2011, vacuum cleaner at laminating machine.

Ang mga empleado ay nagsusuot ng sash na nakalagay ang pangalan ng Aeon ay nakikiusap sa mga kostumer para sa kampanyang ito.

Dahil sa pagsisikap ng mga kawani, napagpasyahan na ipagpatuloy ang mga naumpisahang gawain ng FICEC.

Inaanyayahan namin ang lahat na mamili sa Aeon at ihulog ang mga dilaw na resibo sa ballot box ng FICEC kada ika-11 ng buwan.

Panimulang paggabay para sa mga Senior high school 2011 uumpisahan.

Ang panimulang paggabay sa mga Senior high school ay gaganapin sa ika-4 na palapag ng Oomiya Sonic city building sa July 10 para sa mga bata at magulang na hindi Nihonngo ang nakalakhang lenguahe.

Mga detalye 048-833-2992

Libreng konsultasyon na may taga-salin sa city office.

- Maari kayong magkonsulta sa sariling wika at may mamagitan tagasalin sa pamamagitan ng cell phone sa mga city hall.
- Ito ay sinimulan sa isang itinakdang sistema ng pagsasalin gamit ang cell phone sa mga bayan ng Higashimatsuyama, Warabi, Misato city, Namegawa at 10 wards sa Saitama city. Ang lahat ay maaaring gumamit ng serbisyo.
- Mga lenguahe / Intsik, Ingles, Tagalog, Portuguese, Espanyol
- Ito ay libre.

www.ficec.jp/living/

● Tingnan din ang “Info para sa komportableng pamumuhay sa Japan” sa 6 na lenguahe.